# PALIWANAG TUNGKOL SA MEDICAL TREATMENT NA ERADICATION THERAPY NG HELICOBACTER PYLORI

（Para sa kukuha ng medical test）

Ito ay mahalagang paliwanag tungkol sa medical treatment na eradication therapy para sa Helicobacter Pylori. Pakibasang mabuti ang mensaheng ito at tanungin ang doctor kung mayroon kayong hindi maunawaan.

## 1. Helicobacter Pylori at sakit

Ang H. Pylori ay pangunahing pumapasok sa katawan hanggang 5 taong gulang, madalas ay hindi alam na mayroon ng impeksiyon at patuloy lamang na naninirahan sa loob ng tiyan. Ayon sa eksaminasyong ginawa ng Japan, ang may impeksiyon sa Jr. High school ay nasa 5～10 %. Kabaligtaran nito, kapag malakas ang immune system (resistance), ang secretion ng stomach acid ng mag-aaral ng Junior High school ay matutulad sa mga taong nasa tamang edad na kaya hindi na magkakaroon ng H. Pylori, kapag nagamot na ang H. pylori ay hindi na mangangambang magkaro uli ng impeksiyon.

Kapag naimpeksiyon ng H. Pylori, magkakaroon ng gastritis. Wala itong sintomas at patuloy lamang ang pagkalat ng impeksiyon na magdudulot ng gastritis. Kapag nagkaroon ng gastritis na dulot ng H. Pylori, madaling magkakaroon ng stomach ulcer o duodenal ulcer. 90% ng stomach ulcer at duodenal ulcer ay dulot ng H. pylori infection. Gayun din, alam din na sa Japan, mahigit sa 95% ng stomach cancer ay dulot ng H. pylori infection. Ang mga taong nasa tamang edad na may chronic gastritis, stomach ulcer, duodenal ulcer o stomach cancer ay sumasailalim sa normal na medical treatment gamit ang Health insurance. Maliban sa mga sakit sa tiyan, ito rin ay sanhi ng Lymphoma, Anemia, Immune thrombocytopenia (ITP) atbp. Dahil ang H. pylori infection ay walang sintomas, ito ay nagdudulot ng iba'ibang sakit.

## 2. Paraan ng paggamot ng H. pylori (Eradication therapy)

Kahit positive ang resulta ng Urine test (ihi), 10～30% ng ratio, ang totoo ay wala namang impeksiyon. Sa mga nag-positive o hindi malaman ang diagnosis sa unang test (Urine test), magsasagawa ng ikalawang test (stool antigen test), aalamin kung talagang may impeksiyon ba o wala. Kapag negatibo ang resulta ng ikalawang test, walang H. pylori ang magiging diagnosis at hindi na kakailanganin ang eradication therapy.

Kapag naman positibo ang resulta ng ikalawang test, iinom ng pack formulation (Bonopion pack) ng pinagsama-samang 3 klase ng gamot, gamot na pipigil sa paglabas ng gastric acid (Takecab), Antibacterial drugs (Metronidazole) at Penicillin antibiotics (Amoxicillin), sa umaga at gabi, 2 beses sa 1 araw sa loob ng 7 araw. Sa mga naranasang pagsasagawa nito, mahigit sa 90% ang tagumpay ng pag-alis ng bacteria. Ngunit, posibleng tumaas ang porsiyento na hindi maalis ang bacteria kapag nakalimutang uminom ng gamot kaya siguruhing inumin ito ng 7 araw.

**3. Pinsala sa kalusugan tulad ng side effect ng medical treatment atbp.**

Ang side-effect na pinaka dapat pag-ingatan ay ang allergy sa gamot. Madalas ay nagkakaroon ng rashes, may iilang (0.1%) na nakararanas ng anaphylaxis condition tulad ng pamamaga ng daanan ng hangin at hirap sa paghinga, pagbaba ng blood pressure at iba pa. Sa ganitong sitwasyon, kailangang dalhin kaagad sa ospital. Ang gamot na ginagamit tulad ng penicillin ay may halong antibacterial agent (antibiotic) kaya kung nakaranas na magkaroon ng rashes o iba pang sintomas ng allergy, siguruhing sabihin nang maaga sa Doctor in-charge.

Maaari ding magdulot ng paglambot ng dumi o pagtatae ang antibacterial agent. Ang pinakamadalas na side-effect ay paglambot ng dumi o pagtatae dahil pinaiinom ng antibacterial agent upang mapatay ang H. pylori na nagdudulot din ng pag-unti ng good bacteria sa large intestine. Ipagpapatuloy ang pag-inom ng gamot kung makakaranas lamang ng bahagyang pagtatae o paglambot ng dumi sa loob ng 1 araw. Kung makakaranas naman ng malalang pagtatae o pagtatae na may kasamang dugo, itigil ang pag-inom ng gamot at konsultahin ang doctor in-charge. Maliban dito, maaari ding makaranas ng side effect tulad ng taste disorder (ang panlasa sa pagkain ay medyo kakaiba) at mild nausea (nasusuka), ngunit, alinman dito ay natural na gumagaling pagkatapos ng gamutan kaya kadalasan ay patuloy lamang ang paggamot.

Narito ang resulta ng ginawang survey tungkol sa side effect at kasiguruhan ng eradication therapy sa mga bata sa Japan. Ayon sa nationwide survey (taong 2013～2014) gamit ang tulong na research fund mula sa Ministry of Health, Labor and Welfare (Cancer clinical research project), sa isinagawang eradication therapy sa 343 batang nasa 18 taong gulang pababa, napag-aralan ang detalye tungkol sa side effect. 14.7% ang kabuuang nakaranas ng side effect, paglambot ng dumi 4.1%, mild diarrhea 5.2%, rashes habang ginagamot 2.1%. At, sa inireport na 578 na pasyente, walang nakaranas ng malalang side effect. At kahit sa Shiga Ken, noong September 2017, sa 184 na pasyenteng kumuha ng eradication therapy, 5.1% ang nakaranas ng side effect ngunit walang naiulat na kinailangang ipagamot dahil sa malalang kondisyon.

**4. Hindi sakop ng insurance**

Sa mga taong nasa tamang edad na, ang sakop ng insurance na H. pylori eradication therapy ay iyong kailangang alamin kung may chronic gastritis sa pamamagitan ng endoscopy. Ngunit, sa mga mag-aaral ng Junior High school, dahil hindi pa naman nade-develop ang gastritis, hindi nagsasagawa ng endoscopy sa serbisyong ito. At, ayon din sa nakalakip na drug label ng gamot para sa paggamot ng H. pylori, nakasaad dito na「hindi sigurado ang kaligtasan sa mga bata (kaunti lamang ang karanasan sa paggamit)」. Kaya, hindi sakop ng insurance ang eradication therapy. Ngunit, tulad ng nauna nang nabanggit na survey tungkol sa side-effect, ito ay ginagamit din sa mga bata at pareho lamang ang side effect tulad ng sa matanda. Kaya, ayon sa mediko, ang pamantayan ng paggamot ay simula sa15 taong gulang pataas na itinuturing na sapat na gulang.

Ang kabayaran sa eradication therapy ay nasa 8，000～ 10，000 円. Hindi ito sakop ng insurance kaya itanong ang detalye sa itinalagang pagamutan.

Kailangang pag-usapang mabuti ng magulang at ng mismong mag-aaral ang tungkol sa bagay na ito at kung magpapagamot o hindi.

**５． Hakbang na gagawin kung sakaling magkaroon ng side-effect**

Kung kailangang gamutin ang side effect, at kung sa hindi maiiwasang pagkakataon na kailangang manatili sa ospital dahil sa malubhang side effect, magsasagawa ng ordinaryong medical treatment sa ospital na sakop ng insurance.

**６． H. pylori Check up (Test para makompirma kung nawala na ang H. pylori)**

Kapag natapos na ang 7 araw ng pagpapagamot ng bacteria, magsasagawa ng antigen test sa dumi makalipas ang 8 linggo upang malaman kung naging matagumpay ba ang eradication therapy. Kapag ang resulta ay positive, makipag-usap ng indibidwal sa Doctor in-charge tungkol sa susunod na hakbang ng pagpapagamot.

**７． Para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit sa susunod na panahon dulot ng H. pylori infection**

Kapag magpapa-eradication therapy sa panahon nasa Junior or Senior High school, mas makasisigurong maiiwasan ang pagkakaroon ng stomach cancer sa kinabukasan ngunit kung ikukumpura sa taong hindi kailan man nagkaroon ng H. pylori infection, malaki ang posibilidad na magkaroon ng stomach cancer. At, sa proyektong ito, walang lumala na naging sa stomach cancer sa Junior High school pababa kaya hindi magsasagawa ng gastroscopy tulad ng sa mga nasa hustong edad na. Kaya, sa mga may sintomas huwag masyadong maging kampante, magpatingin sa pagamutan. At sa kinabukasan, siguruhing magpa-check-up kung may pagkakataong magpatingin ng tiyan tulad ng stomach cancer examination.

Kung hindi naman nais kumuha ng H. pylori eradication therapy, tandaan na posibleng magkaroon ng stomach o duodenal ulcer, polyp o ibang pang maaaring maging stomach cancer sa kinabukasan, kaya hinihikayat namin kayong mabuti na magpatingin kung may sintomas o kumuha ng stomach cancer examination pagdating ng panahon.

At, lahat ng eksaminasyon ay hindi 100% na tama kaya kung ang resulta ng test ay negative o naging matagumpay man ang eradication therapy, magpasuri kung kinakailangan ng mas detalyadong eksaminasyon.

**８． Allergy sa gamot na iinumin**

Ipaalam kaagad kung may allergy sa gamot. Sa umpisa pa lamang ay alamin na mula sa doktor ang mga impormasyon tungkol sa paggamot at side effect nito, huwag mahiyang magtanong sa doktor kung may hindi maintindihan.

※Tungkol naman sa allergy,basahin ang 「3. Pinsala sa Kalusugan tulad ng Side effect ng medical treatment.」.